REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City Philippines

PHILIPPINES 2000

Sama-Sama sa DECS

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

May 16 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 233 s 2000

## PAMBANSANG KUMPERENSYA-WORKSYAP SA WIKA AT PANITIKAN SA KONTEKSTONG BILINGGWAL

Sa mga Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Pinuno ng Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya

1 Isang Pambansang Kumperensya Worksyap sa Filipino ang itataguyod ng Literature Teachers Association of the Philippines (LITTAP) sa pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon Kultura at Isports (DECS) at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED) sa Setyembre 15-16 2000 sa Awditoryum ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila

2 Ang paksa ng Kumperensya-Worksyap ay "Pokus sa Pananaliksik Tungo sa Pagpapahusay ng Pagtuturo ng Wika at Panitikan" Nilalayon ng gawaing ito na

a surin ang mga bunga at naisagawang pananaliksik sa larangan ng wika at panitikan sa kasalukuyan

b maipakita kung paano ito ilalapat sa klase upang lalong mapahusay ang pagtuturo ng mga asignaturang pangwika sa antas elementarya sekundarya at kolehiyo at

c magpalitang-ideya sa mga suliraning pangklase na maigagawa ng pananaliksik

3 Inaasahang dadalo sa kapulungang ito ang mga kinatawan ng Kawanihan at Tanggapang Sentral ng Kagawaran mga panrehiyon at pansangay na tagamasid at tagapag-ugnay sa Filipino/Ingles mga puno ng Kagawaran ng Filipino/Ingles o sinumang hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya sekundarya kolehiyo at unibersidad na pang-estado at pribado mga dati nang kasapi ng LITTAP mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon at mga gurong nagtuturo ng/sa Filipino at Ingles instruktor/propesor ng/sa Filipino/Ingles

4 Ang lahat ng dadalo sa kapulungang ito ay magbabayad ng Isang Libo at Limang Daang Piso (P1 500 00) sa rehistrasyon para sa mga handouts, sertipiko, honoraria sa mga tagapanayam at kawani at pagkain (4 na meryenda at dalawang pananghalian) Maaaring dumalo ang mga guro mula sa pampublikong paaralan sa opisyal na oras lamang Ang mga kinatawan sa pribadong paaralan ay maaaring makipag ugnayan sa kanilang tanggapan hinggil sa gastusing pinansyal

5 Mangyaring makipag-ugnayan kina Prof Connie Yruma/Bb Pina Malinis sa telepono blg 527-03-65 para sa rehistrasyon, tirahan at iba pang detalye

6 Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap ng M morandum na ito

ANDREW GONZALEZ, FSC
Secretary

Sanggunian Wala

Pamumudmod 1—(D O 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

CONFERENCES
Learning Area, FILIPINO
WORKSHOPS
SOCIETY or ASSOCIATIONS